

1

“Nooo!” Nakakatulig ang sigaw ni Michelle at umagaw iyon ng pansin sa mga kasamahan nila sa bahay. Pahangos ang mga itong pumanhik ng hagdanan at hindi rin mapaniwalaan ang nakita sa loob ng kuwarto.

Sina Hannah at Benjamin ay magkatabing natutulog sa kama at magkayakap pa. Parehong walang saplot ang mga ito sa ilalim ng malaking kumot na tumatakip sa kanila.

Nagulantang ang dalawa sa lakas ng sigaw ni Michelle, napabalikwas at gulat na nagkatinginan.

“H-Hannah?”

“B-Benjie!”

At magkasabay pa silang nagsabi ng, “Ano’ng ginagawa mo rito?”

Nang walang tugon na narinig ay pinakiramdaman ni Hannah ang sarili. Namula kaagad ang mga pisngi, kinapa niya ang sarili sa loob ng kumot at nangingilid ang mga luhanang napasigaw nang malakas. “Hayup ka! Ano’ng ginawa mo sa akin?” Nanggigigil na

pinaghahampas niya ng unan ang katabing lalaki.

“Hannah, ano ba? Pareho lang tayong walang alam sa mga nangyari!” naguguluhang sabi ng binata. “Michelle, awatin mo si Hannah!”

“Guys, labas muna kayo,” tarantang baling ni Michelle sa barkada. Iiling-iling namang tumalima ang mga ito.

Makaraang magbihis ni Benjie ay nag-aalangan itong lumabas ng silid.

“How dare you to do this to me, Benjamin!” luhaang pahabol na sigaw ni Hannah. “Akala ko’y mapagkakatiwalaan ka! I hate you!”

Inalo ni Michelle ang kaibigan. “Tama na—”

“Isa ka pa!” Malakas niyang itinulak ang babae. “Kung hindi n’yo ako pinilit uminom, hindi sana ito mangyayari! I hate all of you! Lumayas ka sa harapan ko!”

“Hannah—”

“Layas!”

Lulugu-lugong lumabas ng kuwarto si Michelle.

Magbabarkada sina Hannah, Benjie, Michelle, Arthur at Kate. Sama-sama sila sa ligaya, lungkot,

problema at sa lahat ng gimmick. Kaya naman magkakasama nilang ipinagdiriwang ang kaarawan ni Michelle. Kasalukuyang nasa Amerika ang mga magulang nito kaya nasolo nila ang bahay. Nilubos na nila ang pagsasaya dahil nalalapit na ang kanilang graduation from college.

Namumugto ang mga mata ni Hannah nang lumabas ng kuwarto.

Nasa sala sina Michelle, Kate at Arthur. Hindi makatingin nang deretso sa kanya ang mga ito.

Sinisisi niya ang mga kaibigan. Katuwaan daw kaya pinilit siyang uminom ng alak. Isang beses lang at ang resulta ay iyon—may namagitan sa kanila ni Benjie, isang bagay na hindi dapat nangyari. Magkaibigan lamang sila. At ang mas masakit ay kapwa na sila may pananagutan sa iba.

Padabog siyang pumanaog ng hagdan at lumabas ng bahay nang hindi iniwanan ni anumang salita ang mga kaibigan.

Walang pang limang minuto ang nakalipas at lumabas na rin si Benjie. Sandali itong tumayo sa may hagdanan at isa-isang sinulyapan ang mga kaibigang walang kibong nakaupo sa sala. Malalim

na buntung-hininga ang pinakawalan niya bago marahang lumapit sa mga ito.

“Now, tell me, ano’ng gagawin natin ngayon?” tanong niya sa mahinang boses.

Hindi niya alam kung dapat siyang makonsyensya. Kahit papaano ay may mga natatandaan siya nang gabing malasing sila. Naalala pa niyang nagduduwal si Michelle sa banyo habang sina Kate at Arthur ay nakatulog sa magkabilang sofa. Pilit nilang inuubos ni Hannah ang natitirang alak sa bote at pagkatapos ay inalalayan niya ito patungo sa kuwarto kahit siya man ay susuray-suray na rin. Inihiga niya ang dalaga sa kama at natukso nang mapagmasdan ang kaakit-akit na kabuuan nito. Hindi niya maiwasang titigan ang mapuputing hita nito na inilantad ng maiksing palda, ang matambok na dibdib, ang magandang mukha.

“Pare, aksidente lamang ’yon,” sabi ni Arthur, sabay akbay sa kanya. “Wala kang dapat sisihin—”

“Hindi mo alam kung gaano kalaki ang problemang ito. Hannah is... was... she was a virgin!”

Namumulang napapikit ng mga mata sina Michelle at Kate.

“Anong mga mukha ang ihaharap namin sa mga

kasintahan namin? At ang pagkakaibigan natin? Do you think it will ever be the same again?”

“I’m sorry,” simula ni Kate. “If I didn’t force Hannah to drink....”

“No,” iling ni Benjie. “Responsable din ako,” sabi niya at saka na umalis.

Hindi na halos maaninag ni Hannah ang daan dahil sa luha sa kanyang mga mata. Habang nagmamaneho ay naiwan sa bahay ng kaibigan ang kanyang isip. Gusto niyang maniwalang may namagitan sa kanila ni Benjie dahil wala siya sa sariling katinuan bunga ng espiritu ng alak subalit hindi niya maikakailang nadarama pa niya ang haplos ng mga kamay nito— isang kakaibang sensasyong hindi niya malabanan. Pinang-hinaan siya ng katawan at nagpaubaya rito.

Dapat nga ba niyang ibunton ang lahat ng sisi kay Benjie na simula’t simula pa ay kaibigan na niya? Una niya itong nakilala sa choir ng school nila. Gitarista ito. Guwapo ang binata, matalino, mabait at maraming nagkakagusto rito. Isa na roon si Amy na hindi nagtagal ay naging girlfriend nito. Siya pa nga ang naging tulay ng dalawa at kapag naman may tampuhan sila ni Phil ay si Benjie ang umaayos.

Ngayon ay nangyari ang hindi dapat mangyari. At hindi na maibabalik sa dati ang lahat.

Ipinarada ni Hannah sa isang tabi ang kotse, sumubsob sa manibela at saka humagulhol.

Nagpatuloy ang malamig na pakiki-tungo nina Hannah at Benjie sa isa't isa. Hindi na sila nag-uusap o nagsasama man lang. Lumipas ang ilang buwan na malimit ay nag-iisa na lang ang dalaga.

“Hindi ko na ’ata nakikita ang mga kaibigan mo, Hannah,” puna ng kanyang ina. Nag-aalmusal sila noon at nakabihis na siya upang pumasok.

“Himala at nawalan na kayo ng gimmick,” nakangiting dugtong ni Mr. Angeles.

“M-masyado lang ho kaming busy,” tipid niyang tugon.

“Oo nga pala, malapit na ang graduation n’yo. O, ano? May sasabitan ba kami ng medalya?”

“Competition is tough, Papa. Hindi pa ako sigurado.”

“That’s okay. Ang mahalaga’y makakatapos ka.”

May isasagot sana si Hannah nang biglang

sumama ang sikmura niya. Tumakbo siya sa lababo sa kusina at saka nagduduwal. Nagkatinginan ang kanyang mga magulang.

Nang bumalik siya sa dining table ay tahimik ang mag-asawa, hinihintay ang kanyang paliwanag.

Hindi na napigilan ang sarili, napahikbi ang dalaga. “Ma, Pa, hindi ko ’to ginusto!” humahagulhol niyang sabi. “Nalasing kami ni... ni Benjie at....” Lalong lumakas ang kanyang pag-iyak.

“At ngayon ay buntis ka?” nagtitimping usisa ni Mr. Angeles. Nagsisimula nang umiyak ang kanyang ina.

“P-please forgive me, Papa,” hikbi niya habang nakayuko.

“Kailangang panagutan ka ni Benjie,” matigas na pasya nito.

Sa mga sandaling naaalala ni Benjie si Hannah ay hindi niya alam ang gagawin. Hindi siya mapakali at hindi makatulog. Pinangangambahan niya ang sandaling mabunyag ang kanilang lihim.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang bumukas ang pinto ng kanyang kuwarto. Kunot-noong nakatayo

ang kanyang ama sa may pintuan.

“D-Dad?” takang sabi niya nang marinig ang sunud-sunod na pagbuntunghininga nito. Kaagad siyang bumangon at hinintay itong magsalita.

“Buntis si Hannah. Her father just called and—”

“Oh, my God!” Napasapo siya sa noo, pagkuwa’y nagsusumamo ang mukhang humarap siya sa ama. “Dad, let me explain—”

“Isang malaking kahihiyang ang nagawa mo, Benjamin,” putol nito. “Pakakasalan mo si Hannah.”

“Pero magkaibigan lang kami at may—”

“Wala na tayong dapat pag-usapan. Pakakasalan mo siya,” madiing sabi ng ama niya bago ito tumalikod.

Nanghihinang napaupo sa kama si Benjie.

Noon pa sila ipinapareha sa isa’t isa ni Hannah ng kanilang mga magulang. At ngayon ay may dahilan na ang mga ito para masunod ang nais para sa kanila.

Nagdadalawang-isip si Benjie kung lalapitan si Hannah. Mag-isang nakaupo ang dalaga sa gymnasium. Katatapos lamang noon ng practice nila

ng basketball.

Bumuntunghininga ang binata bago dahan-dahang lumapit sa kanya. “P-puwede ba tayong mag-usap?”

Hindi siya kumibo.

“A-alam mong pareho tayong may kasintahan,” umpisa ni Benjie. “Mahal ko si Amy at hindi ko ninais na magtaksil sa kanya. A-aksidente lang ang nangyari sa atin.”

“Alam ko,” matigas ang tinig na tugon niya. “Right now, wala na akong ibang sinisisi kundi ang sarili ko. Sana’y hindi na lang ako nagpadala sa pamimilit ni Michelle. Hindi ko naman alam na mag-iiwan iyon ng isang malaking problema.”

Tumulo ang kanyang luha. “Alam mo bang hanggang ngayon ay wala pang kaalam-alam si Phil sa mga nangyari? Buo ang paniniwala niyang hinding-hindi ako magtataksil sa kanya.” Hindi pa rin siya sumusulyap sa kausap. Nanatili siyang nakatalikod dito. Hindi na rin nito nagawang maupo sa tabi niya. Nanatili itong nakatayo.

“I’m sorry,” mahinang sabi nito. “Pareho lamang tayong nahihirapan, Hannah. Nakausap ko na si Amy. Sa una ay iyak siya nang iyak. Pero nangako ako sa

kanya na kami pa rin.”

Saka lamang siya nagtaas ng tingin para tingnan si Benjie. “Alam mo ba kung gaano kalaki ang kahihiyang idudulot nito sa aming pamilya?”

Nagkausap na ang kanilang mga magulang at tulad ng dapat asahan, isa lang ang naging desisyon ng mga ito—ang ipakasal sila.

“Wala kang dapat alalahanin, Hannah. Hindi ko sisirain ang binitawan kong salita kagabi. Pakakasalan pa rin kita... pero hanggang doon na lang ’yon. Magsasama tayo sa iisang bubong. Hihintayin kong makapanganak ka, pagkatapos ay saka natin asikasuhin ang separation natin. We can go to the States and have a divorce. Marami pang paraan although it might take time.”

“Paano ang bata?”

Mapait na ngiting pinakawalan nito. “Sa tono ng tanong mo’y parang hindi mo gusto ang magkaroon ng anak.”

“Gusto mo ba’ng magkaanak sa isang taong itinuturing mo lamang na kaibigan?”

“Kahit hindi ko mahal ang ina niya, tatanggapin ko pa rin siya.”

“So, tapos ang problema natin. Sa ’yo ang bata.”

“Walang magiging problema roon,” sabi nito. “Tiyak na matutuwa pa sina Daddy at Mommy.”

“Paano tayo?” Pinahid ni Hannah ang luha sa pisngi. “I mean, kung tatanggapin pa ako ni Phil—”

“Wala tayong pakialaman sa isa’t isa,” mabilis na sagot nito. “Hindi naman tayo magsasama bilang mag-asawa. Pakitang-tao lamang iyon. Puwede kang makipagkita kay Phil at ako naman kay Amy.”

Nakahinga siya nang maluwag. Subalit paano niya sasabihin kay Phil ang nangyari? Matatanggap pa kaya siya nito? *Ah, hindi pa ako handang ipagtapat sa kanya ang lahat.*

“M-may sasabihin ka pa ba?” pagkuwa’y tanong niya. “A-aalis na ako.”

“S-sige.”

Walang lingon-likod na umalis si Hannah. Sinundan siya ng tingin ni Benjie. Nakita pa nito nang lapitan ni Phil ang nobya. Pikit-matang napayuko ang binata.

Nang biglang sumulpot sina Arthur, Kate at Michelle.

“Nakita namin kayong nag-uusap ni Hannah,” bungad ni Arthur. “What did you talk about?”

“Okay na ba kayong dalawa?” tanong ni Michelle.

“Wala na bang problema?” singit ni Kate.

Bumuntunghininga ang binata. “We’re getting married,” pahayag niya.

“Ikakasal kayo?” sabay-sabay na tanong ng tatlo.

“Wait till you get invitations.”

Sabay-sabay na napasigaw sa tuwa ang mga ito.

“At sumuporta na lang kayo kapag nagkahiwalay na kami,” dugtong niya.

Natahimik at nagkatinginan ang mga ito.

“What do you mean?” naguguluhang tanong ni Michelle.

“Palabas lamang ang kasal, to protect Hannah and the baby. After that, magpa-file kami ng separation or divorce.”

“That’s stupid, Benjie!” matigas na sabi ni Arthur. “Huwag na lang kayong magpakasal kung ganyan din lang ang mangyayari.”

“Pinag-isipan na namin ito. It’s the only solution

we know,” pahayag niya. “Besides, hindi ko kayang pabayaang si Hannah sa ganitong sitwasyon.”

2

Sumapit ang araw ng kanilang kasal.

Litaw na litaw ang ganda ni Hannah sa ayos niya subalit banaag na banaag ang lungkot sa kanyang mga mata. Matamlay nilang pinakiharapan ang mga bisita. Ang engrandeng selebrasyon ay ginanap sa mansyon ng mga Angeles. Pagkatapos ay tumuloy sa isang subdivision ang bagong kasal. Isang katamtamang laki ng bahay ang iniregalo ng mga magulang ni Benjie sa kanila.

Iginala ni Hannah ang paningin sa kabuuan ng bagong tahanan.

“Dito kami nakatira noon,” sa wakas ay nasabi ni Benjie. “Sana’y okay na ’to sa ‘yo.”

“Maganda naman ito at maluwang,” walang kabuhay-buhay niyang tugon. “Isa pa’y hindi naman tayo magtatagal dito, di ba?”

Bahagyang tango ang itinugon nito.

Walang kibong pumanhik siya ng hagdan at tumuloy sa isang kuwarto. Naupo siya sa kama habang malalim na nag-iisip. Iniisip niya si Phil. Sa

mga sandaling iyon ay wala pa ring alam ang lalaki na ikinasal na sila ni Benjie. Nasa Bacolod ito at dumalo sa family reunion.

“This is the master’s bedroom,” narinig niyang sabi ni Benjie. Nakatayo ito sa may pintuan. “Dito ka na lang at sa guest room ako.”

Tumango siya.

“Siyanga pala, bukas ng umaga’y nandito na si Aling Viring, ang magiging katulong natin,” patuloy nito. “Dati namin siyang katulong sa bahay.”

Hindi siya tumugon.

“Bukas na lang niya aayusin ang mga gamit mo. Kung gusto mong kumain, bumaba ka na lang. May nakahanda nang mga pagkain doon. Iinitin mo na lang,” tuluy-tuloy na sabi nito.

“S-sige,” sagot niya at saka binuksan ang sliding doors ng veranda.

Tahimik na kinabig pasara ni Benjie ang pinto.

Nang gabing ibagsak nila ang kanilang mga haping katawan sa kama ay kapwa sila hindi makatulog.

“Good morning, ma’am,” nakangiting bati ni Aling Viring kay Hannah kinaumagahan. Naghahanda na ito ng almusal.

“Ang aga mo naman,” nakangiting sabi niya. Nakapantulog pa siya at nakaroba.

“Ang ganda n’yo pala, Ma’am. Sayang at hindi ako nakapunta sa kasal n’yo ni Sir Benjamin.”

“Hannah na lang ang itawag n’yo sa akin, Aling Viring,” natatawang sabi niya. “At huwag ho n’yo akong hohoin.”

“Ikaw ang bahala.”

“S-si Benjie, bumaba na?”

“Pinagbuksan niya ako ng gate kanina,” tugon nito. “Pero pagkatapos n’on ay umakyat na siya. Bakit? Wala ba sa kuwarta n’yo?”

“H-ha?” Saka lang niya napagtantong hindi nga pala alam ng katulong ang tunay nilang estado ng asawa. “Ah... eh, baka nasa veranda lang siya. Sandali at tatawagin ko.”

Nakapinid pa ang kuwarta ni Benjie. Hindi na siya nagdalawang-isip na kumatok. Kailangang pag-usapan nila ang kanilang sitwasyon.

Nang pagbuksan siya ng pinto ay nahalata niyang kagigising lamang nito.

“B-bakit?” pupungas-pungas nitong tanong.

“G-gusto kitang makausap tungkol kay Aling Viring,” aniya.

“Bakit? Hindi mo ba siya gusto?”

“Hindi sa gan'on. Wala pa siyang alam tungkol sa sitwasyon natin.”

“Hayaan mo siyang magtaka,” tiim-bagang na tugon nito.

“Isusumbong niya tayo sa mommy at daddy mo. Hindi ba nakakahiya?”

“Alam naman nilang napilitan lang tayong magpakasal.” Tumalikod na ito at bumalik sa kama. Nakakalat sa ibabaw niyon ang mga litrato ni Amy. Nahulaan kaagad ni Hannah ang dahilan ng pagiging iritado nito.

Walang salitang kinabig niya pasara ang pinto at nagtungo sa sariling kuwarto.

Ilang araw ang mabilis na lumipas hanggang sa graduation na nila. Marami ang nagtaka kung bakit

sina Benjie at Amy pa rin ang malimit na magkasama gayong mag-asawa na sina Hannah at Benjie.

Noon lang nakasagap ng balita si Phil at kinompronta nito si Michelle nang mapansing iniiwasan na ito ng nobya. Sa ibang universidad pumapasok ang lalaki kaya wala itong alam sa mga naganap. Walang nagawa si Michelle kundi ang ipagtapat ang totoo rito.

“Hannah, mag-usap tayo!” sabi ni Phil na nakasunod kaagad sa kanya. Katatapos lamang noon ng graduation ceremony.

“Hindi pa ako handang makipag-usap sa ’yo, Phil,” sabi niya at binilisan ang paghakbang.

“Sinabi na sa akin ni Michelle ang lahat,” pahayag nito. “Masakit pero... pero tinatanggap pa rin kita.”

Huminto sa paghakbang si Hannah at luhaang humarap sa kasintahan.

Namumula ang mukha ni Phil nang pahirin ang luha sa kanyang mga pisngi. “Sana’y sinabi mo kaagad sa akin,” mahinang sabi nito. “Mahal kita kahit ano’ng mangyari.”

“I-I’m so sorry, Phil.”

Niyakap siya nito nang mahigpit. “Huwag kang

mag-alala. Tayo pa rin, Hannah. Alam kong tayo pa rin sa bandang huli.”

“Nakita ka ng mga magulang at kamag-anak ko na kausap si Phil,” hindi tumitingin kay Hannah na simula ni Benjie. Pauwi na sila at ang lalaki ang nagmamaneho; deretso ang tingin nito sa daan.

“So?” taas-kilay niyang tanong.

“Nakakahiya, Hannah.”

“Ang sabi mo’y alam naman nilang napilitan lang tayong magpakasal. So, ano’ng problema doon?”

“Ang mga magulang ko lang ang nakakaalam at hindi buong mundo.”

“Eh, ba’t kayo ni Amy?” madiing sabi niya. “Kulang na lang ay langgamin kayo.”

“You can’t blame me—”

“Well then, you can’t blame me either!” pairap niyang sabi.

Hindi na ito kumibo. Nagpuputok naman ang butse niya.

Hindi na nahirapang maghanap ng trabaho si Benjie. Naghihintay rito ang negosyo ng mga magulang. Tuturuan lamang ito ng ama at ito na ang mangangasiwa ng mga iyon. May mga pagawaan sila ng sapatos sa Marikina at may franchise ng isang fastfood store sa Makati.

Samantala, pag-aaralan muna ni Hannah ang negosyo ng kanyang mga magulang. Pansamantala ay siya ang mangangasiwa ng kanilang jewelry shop. Pagkatapos niyang magsilang ay saka na niya aayusin ang ibang bagay. At isa na roon ang separation nila ni Benjie.

Isang umagang nagbibihis si Hannah ay bigla na lamang bumukas ang pinto na nakalimutan niyang i-lock.

Naibaba na niya ang tuwalyang nakatapi sa kanyang katawan nang mapasigaw sa matinding gulat. Mabilis niya iyong pinulot at muling itinakip sa kanya.

Namilog ang mga mata ni Benjie sa nakita. “S-sorry,” anito at kaagad na isinara ang pinto.

Animo ay napako sa kinatatayuan si Hannah. Nakita kaya ni Benjie ang katawan niya?

Humarap siya sa salamin at tiningnan ang

kanyang kabuuan. Bagaman may maliit nang umbok sa kanyang puson ay hindi maipagkakailang maganda pa rin ang hubog ng katawan niya. Makinis at mamula-mula ang kanyang kutis.

Pero bakit ba gusto niyang magandahan si Benjie sa kanya? Hindi naman sila nagmamahalan.

Ah, isang kabaliwan ito! Mabilis siyang nagbihis.

Tanging tunog ng kutsara at tinidor ang maririnig nang kumakain ng agahan sina Benjie at Hannah.

“S-sorry ulit kanina,” pagbasag ni Benjie sa katahimikan. “Kagigising ko lang noon at hindi ko na naisip na kumatok.”

“It’s okay.” Bahagyang ngumiti si Hannah at kaagad na iniba ang usapan. “Papasok ka ba?”

“Nagpaalam ako kay Dad,” tugon nito. “May lakad kami ni Amy.”

“S-saan kayo pupunta?” biglang tanong niya.

Napangiti ito. “Dapat ko pa bang ipaalam sa ’yo?”

Napahiyang umiba siya ng tingin, sinisisi ang sarili kung bakit pa niya iyon naitanong.

“How about you?” tanong nito. “Wala ba kayong lakad ni Phil?”

“Wala pa.”

“Sige, I have to go. I’ll see you later.”

Nawalan na ng gana si Hannah. Hinabol niya ng tingin ang asawa.

“Puwede mo na namang iwan si Hannah at tayo na ang magsama, Benjie,” sabi ni Amy habang panay ang hitit ng sigarilyo. Magkasama silang namamasyal ni Benjie sa maaliwalas na subdivision.

“Hindi ko puwedeng iwan si Hannah sa kalagayan niya,” seryosong tugon ng lalaki. “Lumalaki na ang tiyan niya and I promised her na hindi ko siya pababayaan.”

“Huwag mong sabihing nade-develop ka na sa kanya?”

“Of course not,” biglang baling niya sa nobya. “You know how much I love you.” Hinawakan niya ang kamay nito. “Hihintayin ko lang na makapagsilang si Hannah. Pagkatapos noon, puwede na nating ayusin ang tungkol sa ’ting dalawa.”

“Paano kung... mapaibig ka niya?” Bumuga ng usok ang babae.

“Amy, will you stop smoking!” Inagaw niya ang sigarilyo rito at inihagis sa daan.

“C’mon, Honey,” reklamo nito. “Pang-alis ko lang ng tensyon ’yon, lalo na ngayon. Nangangamba pa rin ako although alam kong mahal mo ako. Baka magising na lang ako isang umaga na naagaw ka na sa akin ni Hannah.”

“Paano mangyayari ’yon? Mahal na mahal niya si Phil. At saka may usapan kaming maghihiwalay pagkatapos niyang makapanganak. Mabilis ang mga araw, Amy. Just trust me, okay?”

Hindi makatulog si Hannah nang gabing iyon. Hindi niya alam kung bakit nag-aalala siya at gabing-gabi na ay wala pa si Benjie. Hindi ba isang kabaliwan ang maghintay sa pagdating ng asawa na alam naman niyang may ibang kasama?

Hindi mo siya tunay na asawa. Sa papel lang ’yon, paalala niya sa sarili habang nakatayo sa veranda at hinihintay na may humintong sasakyan sa harapan ng bahay. Sana’y nakipagkita na rin lang ako kay Phil, pagkuwa’y sisi niya sa sarili.

Nakahinga siya nang maluwa nang matanaw ang sasakyan ni Benjie. Bumusina ang lalaki. Pumasok na siya sa loob ng kuwarta dahil tiyak niyang magiging naman si Aling Viring upang pagbuksan ito. Pero ilang minuto na ang lumilipas ay hindi pa rin lumalabas ang katulong.

Nagsuot ng roba si Hannah at mabilis na pumanaog. Tuluy-tuloy siya sa garahe at binuksan ang gate.

“S-si Aling Viring?” tanong ni Benjie nang makaibis ng sasakyan.

“Natutulog na siya,” mahina niyang tugon. “Hayaan mo na. Marami kasi siyang ginawa kanina.”

“Nakakahiya naman sa ’yo. Ikaw pa tuloy ang nagising.”

“Okay lang. Asawa mo naman ako—” Natigilan siya. “I mean, hindi pa naman ako natutulog,” mabilis niyang bawi.

Napangiti ito. “Gusto mo ng siopao? May dala ako.”

“Nag-abala ka pa.” Napangiti siya, naalala ang panahong magkaibigan pa sila. Tuwing dadaan ito sa bahay nila noon ay may dala itong kung anu-ano

sa kanya.

“Masarap ito,” tukso nito.

“Sige.”

“That’s what I miss most about you, Hannah,” pagkuwa’y seryosong sabi ni Benjie. “Your smile.” Iniabot ng lalaki sa kanya ang siopao.

“Hanggang ngayon ay alam mo pa rin ang mga favorites ko.”

“Hindi ko puwedeng kalimutan ’yon,” sabi nito. “At saka kailangan mong kumain nang kumain para sa baby natin. Biruin mo, magiging daddy na pala ako.”

Natigilan si Hannah, naalala ang tunay na sitwasyon nila. Walang salitang pumasok na siya sa bahay.

Naiwan na napapailing si Benjie.

Nagulat na lamang si Hannah nang mapagbuksan niya ng pinto si Phil isang hapon.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” tanong niya.

“Dinadalaw ka,” sagot nito, sabay halik sa kanyang labi.

“Phil, ano ba!” Nairita siya sa kagarapalan nito. “Nandito tayo sa pamamahay ni Benjie. Bakit ka pa kasi pumunta-punta rito?”

“Bakit? Ayaw mo ba akong makita?” Tumuloy na ito sa loob at naupo sa sofa. “Okay pala ang bahay n’yo,” komento nito habang inililibot ang mga mata. “Saan ang kuwarto mo dito?”

“Sa master’s bedroom sa taas.”

“At si Benjie?”

“Sa guest room.”

“Malapit sa kuwarto mo?”

“Stop asking such questions, Phil!” yamot niyang sabi.

“Gusto ko lang makatiyak na walang namamagitan sa inyong dalawa!”

Isang sampal ang mabilis na pinadapo ni Hannah sa pisngi ng lalaki.

Napabuntunghininga ito nang malalim at saka siya niyakap nang mahigpit. “I’m sorry,” anito. “Nahihirapan na kasi ako. Walang oras na hindi ko naaalala ang kalagayan natin. Natatakot akong mawala ka sa akin. Please... sumama ka na sa akin

sa States. Doon ka na manganak. Promise, aalagaan kita pati ang magiging anak mo.”

Tinugunan ni Hannah ang yakap ng kasintahan. “Phil, hindi pa ito ang tamang panahon. Hintayin mong maisilang ko ang bata. Iiwan ko siya kay Benjie, iyon ang napagkasunduan namin. Ayokong magkaroon ng isang pangit na alaala.”

“Mahal na mahal kita, Hannah. Marami pa akong mga plano para sa atin.”

“Alam ko, Phil. Hindi ko naman sisirain ang pangako ko sa ’yo.”

At muli silang nagyakap nang mahigpit.

Iyon ang eksenang nabungaran ni Benjie. Kumunot ang noo nito at tumiim ang mga bagang. Tumikhim ito at parang nakuryenteng kumalas si Hannah sa pagkakayakap ng nobyo.

3

Walang salitang pumanhik ng hagdan si Benjie.

“Phil, umalis ka na,” taboy ni Hannah sa nobyo.
“Saka na lang tayo magkita, okay?”

“Okay. ’Bye.” Umalis na ito matapos siyang gawaran ng halik.

Hinanap ni Hannah si Aling Viring at nang makitang abala ito sa paglalaba sa likod ng bahay ay tahimik siyang pumanhik ng hagdan patungo sa kanyang kuwarto.

“Puwede ba tayong mag-usap?” Matigas ang tinig ni Benjie at seryoso ang mukha.

Napahinto siya sa paghakbang at humarap dito.
“Tungkol saan?”

“Hindi ko nagustuhan ang nadatnan ko kanina.”

“Napadaan lang si Phil,” mahina niyang sabi.

“Sa mata ng tao at sa mata ng Diyos ay mag-asawa tayo, Hannah. Ano na lamang ang sasabihin ng mga makakakita?”

“Akala ko ba’y walang pakialaman?”

“Kailan mo ba nakitang isinama ko rito si Amy? Alam mo ba kung ano’ng ibig sabihin n’on? May respeto ako sa ’yo kaya hindi ako nagdadala ng ibang babae rito.”

“Hindi kita pinakikialaman kapag nagkikita kayo ni Amy—”

“Sa labas kami nagkikita!”

Hindi siya nakakibo, walang maisip na idadahilan. Inis na tinalikuran na lamang niya ito. Nang makapasok ng kuwarto ay padabog niyang isinara ang pinto.

Hindi lumabas ng kuwarto si Hannah nang gabing iyon. Paggising niya kinabukasan ay nakaalis na si Benjie.

Pagkababa niya ay nakahanda na ang almusal sa hapag.

“Good morning,” bati ni Aling Viring habang pinagsasalin siya ng juice.

“Good morning,” tugon niya. “Ang aga n’yo naman yatang nakapagluto ng almusal?”

“Naku, hindi ako ang nagluto niyan,” nakangiting

tanggi nito.

“Eh, sino ho?”

“Ang asawa mo. Natutulog pa ako nang magising. Heto nga’t may iniwan pang sulat para sa ’yo.”

“S-salamat ho,” nahihiyang inabot niya ang sulat. Simula kasi nang tumuntong siya sa bahay na iyon ay hindi man lamang siya nakialam sa kusina samantalang si Benjie ay ipinagluto pa siya.

“Diyan ka na muna, ha?” Tumalikod na ito.

Matagal niyang pinagmasdan ang nakatuping papel bago iyon binuklat.

Hannah,

I’m sorry about last night.

I have an appointment with one of Dad’s clients today. I’ll be home late.

Take care.

Benjie

Sumilay ang isang matamis na ngiti sa mga

labi niya matapos basahin ang maikling sulat. Maalalahanin pa rin ang kanyang dating kaibigan.

Hatinggabi na nga nang dumating si Benjie. Sinadya ni Hannah ang matulog sa sala upang kaagad niyang mapagbuksan ng gate ang asawa.

“Naistorbo na naman kita,” mahinang sabi nito.

“Hindi pa naman ako inaantok,” pagsisinungaling niya.

“Iniisip mo na naman ang sitwasyon natin?”

Hindi siya kumibo.

“Don’t worry, malapit nang matapos ang lahat ng ito... May dala nga pala akong siopao,” ngiti nito.

“S-salamat.” Napangiti na ring inabot niya ang siopao.

Marahang humakbang si Benjie patungo sa loob ng bahay.

“Saan kayo nanggaling ni Amy?” pahabol na tanong niya. Humarap ito sa kanya. Saka lamang niya naisip kung ano ang naitanong. “I’m sorry. I shouldn’t have asked.”

“Nag-away kami ni Amy,” deretsong sagot nito na ikinagulat niya. “Siyempre, tayo ang dahilan.”

“I’m sorry,” napayukong sabi niya. “A-ano ang gusto mong gawin ko? I mean, do you want me to settle things between you and Amy? Kagaya ng lagi kong ginagawa noon kapag nagkakatatampuhan kayo?”

“Are you willing to do that?”

Tumango siya.

“No, never mind,” pabuntunghiningang sabi nito. “Magkakaayos din naman kami. Maybe tomorrow we’ll—”

“Aalis na naman kayo?”

Makahulugang tingin ang ipinukol nito sa kanya.

Nahihiyang napaiba ng tingin si Hannah. “Of course, no one’s stopping you.” Tahimik na siyang pumasok sa loob ng bahay at saka tumuloy sa kanyang silid.

Nakasunod lang sa kanya ang mga mata ng lalaki.

Mabibigat ang hakbang ni Benjie nang pumanhik ng hagdan. Masyado niyang dinamdam ang pagtatalo nila ni Amy. Kapag nagagalit ang babae ay kung anu-

anong masasakit na salita ang binibitawan nito.

Nasorpresa siya nang makita ang silid. Malinis at maayos iyon. Gumaan ang kanyang pakiramdam. Nagulat siya sa larawang nasa picture frame—larawan ni Amy.

Napangiti si Benjie. Iiling-iling na naupo siya sa kama at pinagmasdan nang matagal ang litrato ni Amy. Sinong asawa ang maglalagay ng litrato ng ibang babae sa kuwarto ng kanyang asawa?

Dahil hindi ka naman mahal ni Hannah, sabi ng kanyang isip. Hindi ka niya mahal kaya hindi niya didibdibin kung mambabae ka man.

Inaantok pa nang magising si Benjie subalit kailangan niyang bumangon nang maaga. Marami siyang dapat na asikasuhin sa opisina.

May nakahanda nang almusal sa mesa nang bumaba siya.

“Mukhang masarap ang almusal na niluto mo ngayon, Aling Viring, ah,” nakangiti niyang sabi sa katulong. Nakaupo na siya sa harap ng hapag-kainan.

“Hindi naman ako ang nagluto niyan,” tugon nito.

“Eh, sino ho?” takang tanong niya.

“Ang maganda mong asawa. Hindi ko alam na magaling pala siyang magluto.”

“N-nasa’n ho siya?”

Ininguso ni Aling Viring ang likod ng bahay. “Naliligo sa swimming pool.”

Walang salitang tumayo si Benjie at tumungo sa may lanai. Hinawi niya ang kurtina sa gilid ng sliding doors at sinilip si Hannah mula roon.

Nakaupo lamang ang babae sa gilid ng swimming pool. Naka-shorts at maluwang na t-shirt ito. Hindi niya maintindihan ang ekspresyon ng mukha nito kung masaya o malungkot habang hinihimas ang lumalaki nang tiyan. Sa tingin niya ay kinakausap nito ang batang nasa sinapupunan. Napangiti siya.

Nang biglang tumunog ang telepono. “Hello?”

“Si Phil ito. Puwede bang makausap si Hannah?”

“Natutulog pa siya,” madiing sabi ni Benjie bago mabilis na ibinaba ang telepono.

Bigla siyang nawalan ng gana nang dumulog sa hapag-kainan.

Nagmamadaling nagbihis si Benjie matapos kumain. Nang makatiyak na wala nang nakalimutang ilagay sa attaché case ay marahan siyang kumatok sa kuwarto si Hannah.

“Tuloy,” sabi ng tinig mula sa loob ng silid.

Hindi na binuksan ni Benjie ang pinto. “A-aalis na ako,” paalam niya.

“S-sige, ingat ka,” tugon nito.

“Salamat sa pag-aayos na ginawa mo sa kuwarto ko. Maganda. Mas preskong tingnan.” Wala siyang narinig na tugon. “Bye, Hannah.”

“Bye,” mahinang tugon ni Hannah na hindi naman narinig ng lalaki.

Pagkatapos ay namayani na ang katahimikan.

Umalis na marahil siya, sa isip ni Hannah. Tumayo siya, balak itong silipin sa garahe. Mabilis niyang binuksan ang pinto at nagulat nang makitang nakatayo pa rin ang asawa sa labas.

“A-akala ko’y nakaalis ka na,” namumulang sabi niya at kaagad naglakbay ang paningin sa kabuuan nito. Nakatayo ang kuwelyo nito at hindi maayos ang kurbata. Parang gusto niyang matawa.

“S-sige, ’bye,” mahinang sabi nito at umakmang aalis na.

“Benjie!” biglang tawag niya.

“Bakit?” pihit nito.

Inayos niya ang kurbata at kuwelyo ng polo nito. Habang ginagawa iyon ay nakatitig sa mukha niya ang lalaki. Ang pakiramdam ni Hannah ay matutunaw siya sa mga titig nito. Lumakas ang kaba sa kanyang dibdib. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit ganoon na lamang siya kasaya nang mga sandaling iyon. “O, ’ayan, maayos na,” mahina niyang sabi kapagdaka.

“S-salamat,” nakangiting sabi nito. Tinapunan siya ng isa pang tingin bago umalis.

Naiwan siyang nakangiti at nakasunod ang mga mata sa papalayong asawa.

Tila nakalutang sa alapaap si Benjie habang lulan ng sasakyan. Ang laman ng isip niya ay si Hannah. Hindi niya makalimutan ang ginawa nito bago siya umalis. Iyon ang pinapangarap niya noon sa kanilang dalawa ni Amy—isang magandang tanawin ng isang mag-asawa. Parang nakikita pa niya si Hannah

habang inaayos ang kanyang kurbata.

Naalala niya nang una niya itong makita. Demure na demure itong tingnan sa nakatirintas na buhok, simpleng damit at manipis na makeup. Lagi itong nakangiti na siyang nagpapagandang lalo sa mukha nito.

“Saan?” tanong ni Hannah kay Phil na nasa kabilang linyang. Iniimbata siya ng lalaking lumabas.

“Sa bahay ng tita ko,” tugon nito. “Birthday niya ngayon at may handaan.”

“Hindi mo sinabi kaagad para nakapagpaalam ako kay Benjie bago siya umalis.”

“Eh, ano naman kung hindi ka magpaalam sa kanya?” mainit na tanong nito. “C’mon, Hannah. Hihintayin tayo roon ng tita ko.”

“H-hindi pa ba niya alam na... may asawa na ako?”

“Damn it, Hannah! Sineseryoso mo na ba ang kasal n’yo ng lalaking iyon?”

“Hindi sa ganoon, Phil, kaya lang, nakakahiya naman sa nakakaalam na may asawa na ako. Ano na

lamang ang iisipin nila? Na malandi ako?”

“You know what, Hannah? Nakakapikon ka na!” madiing sabi nito. “Basta’t hihintayin kita sa gate n’yo. Kapag narinig mo ang busina ng sasakyan, bumaba ka na, okay?”

“Pero—”

Ibinaba na ni Phil ang telepono.

Nag-iisip na napaupo si Hannah sa kama. Mayamaya ay tumayo siya at nagsimulang magbihis.

“Ano ’ika mo, Aling Viring? Hindi sinabi ni Hannah kung saan siya pupunta?” kunot-noong tanong ni Benjie. Kararating lamang nito buhat sa opisina.

“Hindi nga,” tugon ng matanda habang nagpupunas ng mesa. “Ano ba’ng nangyayari sa inyo? Sa napapansin ko, parang hindi kayo tunay na mag-asawa. Magkahiwalay pa ’ata kayo ng kuwarte.”

Napasapo sa noo si Benjie, nawalan ng kibo. Mayamaya ay inangat niya ang katabing telepono. “H-hello, Ma? Si Benjie ’to.”

Nasorpresa si Mrs. Angeles nang marinig ang

tinig ng son-in-law. “O, Hijo, napatawag ka?”

“Gusto ko lang hong itanong kung nand’yan si Hannah.”

“Wala, Hijo. Bakit? Hindi ba nagpaalam sa ’yo?”

“Kararating ko lang ho galing opisina,” tugon niya. “Pagdating ko’y wala na siya. Akala ko’y nasa shop siya kaya tinawagan ko kayo.”

“Nagpaalam siya sa akin last time na nagkita kami na mamalagi na muna siya sa bahay dahil lumalaki na ang tiyan niya.”

“G-ganoon ho ba? Sige ho. Baka namasyal lang siya kasama si Michelle. ’Bye.”

Hindi pa rin siya mapakali nang maibaba ang telepono. “Aling Viring, wala bang sumundo sa kanya rito?”

“May bumusina sa labas pero hindi ko alam kung sino dahil may ginagawa ako sa kusina.”

“Nakakainis!” iritadong sabi ni Benjie bago mabilis na pumanhik ng hagdan.

Pagdating sa kuwarto ay nagpuputok pa rin ang butse niya. Naupo siya sa kama, pagkuwa’y napatingin sa salamin. “Eh, bakit ka ba nagagalit?”

tanong niya sa sarili. “Aminin mo na kasing alam mo naman kung saan siya nagpunta. Kasama niya si Phil.”

“Enjoy yourselves!” nakangiting sabi ng tiyahin ni Phil matapos ang ilang sandaling pakikipagkuwentuhan sa kanila.

“Halika ka, Honey. Boring dito,” anyaya ni Phil kay Hannah.

Bago pa siya nakapagsalita ay akbay-akbay na siya nito patungo sa itaas. Maluwang ang bahay ng tiyahin ni Phil. Matandang dalaga ito at inubos na lamang ang oras sa pagpapayaman.

“This house is beautiful, Phil,” komento niya.

“Mas malaki pa rito ang bahay na ipapatayo ko para sa atin.”

Hindi siya kumibo. Hindi niya alam kung bakit biglang sumagi sa kanyang isip si Benjie. Marahil ay nasa bahay na ang lalaki sa mga oras na ito. Mag-alas-nueve na ng gabi. Hinihintay kaya siya nito? O baka naman wala pa rin ito sa bahay dahil kasama nito si Amy?

Bago pa niya namalayan ay nasa isang kuwartero na sila ni Phil. “This is one of the guest rooms,” hayag

nito bago nahiga sa kama.

“G-gusto ko nang umuwi, Phil,” nag-aalangan niyang sabi.

“C’mon, Hannah.” Hinila siya nito pahiga sa kama at marahas na hinalikan sa mga labi.

Nagpumiglas siya at kumalas dito. “Stop it!” naiiyak niyang sigaw. “Hindi ganito ang pagkakakilala ko sa ’yo!”

“Matagal na tayong magkasintahan,” galit na sabi nito, “pero hanggang halik lamang ako sa ’yo! Hindi ba nakakainsultong naunahan pa ako ng Benjie na ’yon! Damn it, Hannah! Ang pakiramdam ko, naisahan ako!”

Luhaang sinampal niya ito. “So, lumabas din ang totoo! Bakit hindi mo pa aminin na hindi mo talaga ako matatanggap sa kalagayan ko ngayon! Sinungaling ka, Phil! Akala ko pa nama’y mahal mo talaga ako at mamahalin kahit ano pa ang mangyari sa akin.”

“Ano ba’ng pinakain sa ’yo ng lalaking ’yon? Bakit ba ganyan ka na kung makapagsalita? Bakit? Nagalingan ka ba sa kanya, ha?”

“You’re impossible!” nagtitimpi niyang sigaw

bago ito tinalikuran.

“Hannah, bumalik ka dito!”

“Ayoko!”

“Sige, magsama kayo ng kaibigan mo! Mga walanghiya kayo!”

Lumabas ng bahay si Hannah at kaagad na pumara ng taxi.